
| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPTEMBER 8 - 12, 2025 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>● Nakasusulat ng talaarawan at pansariling talambuhay.<br>a. Naitatala ang mahahalagang impormasyon sa pagsulat ng talaarawan.<br>b. Natutukoy ang kaibahan ng pansariling talambuhay sa talambuhay na isinulat ng ibang tao.<br><br>● Natutukoy ang mga kayarian ng salita.<br>a. Nakabubuo ng sariling pangungusap gamitang magkasingkahuluga at magkasalungat ng mga salita.<br>b. Natutukoy ang pagkakaiba ng denotasyon sa konotasyon. |
| **D. Nilalaman** | AKDANG IMPORMATIBO:<br>Pansariling Talambuhay Talaarawan Ikatlong<br>Linggo KAUGNAY NA PAKSA:<br>Kayarian ng mga Salita: Kasinghulugan at Kasalungat Denotasyon at Konotasyon |
| **E. Integrasyon** | Paksa tungkol sa usaping pangkapayapaan na nagtatampok sa pagiging responsableng mag- aaral sa isang pandaigdigang komunidad. |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/ Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Larawan ng Batang Muslim. (2023). Kinuha sa https://www.clipartmax.com/<br>Larawan ni Fe del Mundo. (2023). Kinuha sa: https://www.fcchk.org/correspondent/filipinos-in- focus/ Pagpapakilala sa Sarili.Hiraya TV. (2023). Kinuha sa: https://www.youtube.com/watch?v=cqsx9L2UbUg |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Paglalayag Tungo sa Pagkatuto: Halina't maglayag upang sa kaalaman ay may maidagdag,** -<br><br>**Isla ng Pagbabalik-aral: Habang nasa isla, nakaraang aralin ay inaalala.**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Mukha Mo, Sagot Ko**: Basahin ang tanong na nasa likod ng larawang ginupit at sagutin ito. Narito ang mga tanong:<br><br><br>Kinuha mula sa: https://www.fcchk.org/correspondent/filipinos-in-focus/<br><br>1. Batay sa naunawaan mo, ano ang kahulugan ng talambuhay?<br>2. Bigyan ng kahulugan ang pansariling talambuhay.<br>3. Ipaliwanag ang talambuhay na isinulat ng ibang tao.<br>4. Bilang mag-aaral, mahalaga ba ang talambuhay? Bakit?<br>5. Ano ang naaalalang halimbawa ng tayutay na asonansiya sa binasang talambuhay. Magbigay ng isang halimbawa nito. | Gamiting muli ang larawan ni Dr. Fe del Mundo. Gupitin ito sa limang bahagi. Ilagay ito sa sobre.<br><br>Tumawag ng mag-aaral upang bumunot ng isang pirasong karambolang larawan at ipabasa ang tanong na nakadikit sa likod ng ginupit na bahagi ng larawan. Pagkatapos ay ipasagot ito. Tumawag ng limang mag- aaral na sasagot ng mga tanong hanggang sa mabuo ang larawan. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Isla ng Paghahanap: Sa paghahahanap, tiyak may makakalap.**<br>**1. Panghikayat na Gawain**<br>**Hiraya TV**: Ipapanood sa mga mag-aaral ang "Pagpapakilala sa Sarili" ng Hiraya TV. Narito ang link:<br>Kinuha mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=cqsx9L2UbUg<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ulap ng Isip: Buoin ang nakasaad sa ulap ng isip upang maging gabay sa paksang tatalakayin.<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Kasinghulugan at Kasalungat. Pangkatin sa dalawang grupo ang klase. Ipasagot ang kasinghulugan ng mga salita na nasa kaliwang bahagi. At sa kanang bahagi ay ipasagot ang kasalungat ng salita. | Habang nanonood, ipasagot sa mga piling mag-aral ang mga tanong upang maging gabay sa pagpapakilala sa sarili na magiging lunsaran sa pagsulat ng sariling talambuhay.Ipa alala sa mga mag-aaral na ang nakaraang talambuhay na tinalakay ay talambuhay ng ibang tao. Sa aralin ngayon ay susulat sila ng sarili nilang talambuhay matapos isagawa ito. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW** | Sa bahaging ito ay iuugnay ng guro ang paksa tungkol sa |

| Salita | Kasinghulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. masaya | | |
| 2. payapa | | |
| 3. lumuwas | | |
| 4. sagana | | |
| 5. malusog | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Estasyon ng Pakikipagsapalaran 1: Alamin, tuklasin, at subukin ang iyong natutuhan.**
**Kaugnay na Paksa 1: Pansariling Talambuhay at Kasinghulugan at Kasalungat**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang maiugnay ang mga dating karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan:

1. Nakasulat ka na ba ng sarili mong talambuhay? Kailan ito?
2. Ano-ano ang mga impormasyong itinala mo sa iyong talambuhay?
3. Nasubukan mo na rin bang bumasa ng talambuhay ng kaklase mo?

**2. Paglinang ng Konsepto: Pagbasa ng Talambuhay**

**Ako at si Kiram**
ni: Maria Fe G. Hicana

Kiram kung ako ay tawagin ngunit ang buong pangalan ko ay Kiram Nasser Salam. Isinilang ako noong Hulyo 28, 2013 sa bayan ng Cotabato, sa ibabang bahagi ng Mindanao. Ang aking tatay ay isang Hadji, siya ay si Abdul Nasser Salam. Ang aking nanay naman ay si Aisha Omara Aya. Pito kaming magkakapatid at pang-apat ako sa magkakapatid. Kambal ang mga bunso kong kapatid.

Masaya sana sa aming lugar dahil sagana ang mga pananim at malulusog ang mga hayop. Ngunit, kadalasan ay mas marami ang kaguluhan sa aming bayan. At ito ay hindi ko maintindihan. Nakatira sa amin si Ina, siya ang itinuturing naming lola. Si Nanay naman ang aming ina. Malaki ang aming lupain. May mga lupang sinasaka at pinapasaka si Tatay. Kung panahon ng anihan ay tumutulong kaming magkakapatid gayundin ang aming mga kamag-anak. Kay saya ng aming pamilya.

Isang araw ay may mga armadong lalaki na pumunta sa aming bahay at nanghingi ng mga pagkain, pera, at kinuha ang aming mga pananim. Naging madalas ang pagpunta nila sa aming tahanan. Dahil dito ay napagpasyahan ng aming mga magulang na lumuwas na lamang sa Quiapo, Maynila, kung saan nakatira ang kapatid ng aking tatay na si Tiyo Hadjiali upang maiwasan na ang gulo. Nalungkot ako kasi naiwan ko na ang mga kalaro ko sa Cotabato at ang malawak naming lupain. Minsan naitanong ko kay tatay kung kailan matatapos ang gulo sa Cotabato at kung kami ay babalik pa. Niyakap lamang ako ng aking

</td>
<td>

akdang impormatibo kaugnay ng naunang aralin na akdang naratibo.

Tiyaking bago ipabasa ang talambuhay pansarili bilang lunsaran ng talakay ay gamitin muli ang mga susing salita upang maiugnay sa tekstong babasahin. Sa ganitong paraan, madaling mapoproseso ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa pagbasa ng teksto.

Sabihin sa mga mag-aaral na sisimulan ng guro ang pagbasa ngunit tatawag ng mag-aaral upang ipagpatuloy ang pagbasa at tatawag din ng kaklase ang mag-aaral na tinawag upang ipagpatuloy ang pagbasa kaya kailangang makinig ang mga mag-aaral.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang talata at ipasagot ang mga tanong pagkatapos.

Gamit ang larawan, isulat ang bawat tanong sa pirasong papel at itupi ito sa gilid ng larawan. Ipahugot sa mag-aaral ang

</td>
</tr>
</table>

tatay at nagbuntong-hininga. Balang-araw babalik ako sa bayan namin sa Cotabato upang pamunuan ang kapayapaan, ito ang pangako ko sa aking sarili.

3. **Pinatnubayang Pagsasanay:**
   Batay sa binasang pansariling talambuhay, tumawag ng mag-aaral upang hilahin ang tanong na nakaipit sa larawan at sagutin ang tanong:

Ano ang buong pangalan ni Kiram?

Bakit sila Lumuwas ng Maynila?

Paano sinagot ni Kiram ang kaniyang sa kaniyang mga tanong?

Sa iyong palagay, ano kaya ang ibig sabihin ng pangako ni Kiram sa kaniyang sarili?

Ano ang napulot mong aral sa binasang talambuhay?



Kailan at saan siya ipinanganak? ama

Sino-sino ang mga magulang niya?

Paano nilarawan ang kaniyang lugar?

Ano ang bagay na hindi maintindihan?

Anong uri ng talambuhay and bimasa?

4. **Paglalapat at Pag-uugnay:**

A. **PALIT-SULAT**. Humanap ng kapareha. Kapanayamin ang kapareha gamit ang mga gabay na tanong. Sa isang buong papel, sumulat ng tatlong talata ng talambuhay ng kinapanayam. Pagkatapos, ibahagi sa kapareha ang sinulat na talambuhay at magpalitan. Sa harap ng klase ay ibabahagi ng mag-aaral ang talambuhay ng kaniyang kapareha

**Gawing gabay ang mga tanong sa pagsulat ng pansariling talambuhay:**

1. Buong pangalan: ______________________________________________
2. Petsa ng kapanganakan: ________________________________________

papel na mapipili at ipabasa at ipasagot ang tanong.

Ipaunawa sa mga mag-aaral ang dalawang uri ng talambuhay.
Ang talambuhay na tinalakay sa unang aralin ay talambuhay na sinulat ng ibang tao. Kadalasan ay mga tanyag o kilalang tao ang naisusulat ang kanilang talambuhay.

Maraming tao ang nagsusulat ng kanilang talambuhay dahil naging kilala sila sa kanilang ginawa, sa kanilang propesyon o dahil sa kanilang talento. Dati ay mababasa sa mga peryodiko, magasin, at mga aklat ang kanilang talambuhay.

Ngayon ay madali nang mahanap ang kanilang talambuhay sa internet. Ang binasang talambuhay ngayon ay halimbawa ng Talambuhay na Pansarili o personal na talambuhay.

Ipaunawa sa mga mag-aaral na sa wikang Filipino ay maraming salita na may kaparehong kahulugan at

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Lugar ng kapanganakan: ________________________________<br>4. Pangalan ng mga magulang: ______________________________<br>5. Paaralan: ______________________________________<br>6. Ilarawan ang pamilya: _________________________________<br>7. Ilarawan ang kasalukuyang kalagayan: _____________________<br>8. Ano ang nais mong makamit pagdating ng araw: ________________<br>9. Aral na nais ibahagi bilang mag-aaral: ______________________<br><br>B. **Kasinghulugan at Kasalungat**<br>**Unahan Tayo**. Ipabuo ang tsart sa dalawang grupo ng mga mag-aaral. Kung sino ang unang makakatapos ang magwawagi.<br><br>Pagawan ng pangungusap ang mga salitang nakasaad sa titik B at ipasulat ito sa kuwaderno.<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: ARALIN SA WIKA: TALAARAWAN**<br>**Estasyon ng Pakikipagsapalaran 2: Alamin, tuklasin, at subukin ang iyong natutuhan.**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Disyembre 01, 2022**<br>Magandang araw! Natapos na naman ang araw nang maayos. Ako'y natutuwa dahil nagawa ko ang lahat ng mga gawain ngayong araw. Ala-siyete ng umaga ako gumising. Una kong ginawa ang uminom ng maligamgam na tubig. Naligo at naglinis ng aking katawan. Sumunod ay nag-ehersisyo. Pagkatapos ay kumain ng masusustansiyang pagkain tulad ng gulay, isda, at prutas. Naglinis ako ng aming bahay. Isinunod kong nilinis ang aming bakuran. Itinapon ko ang aming mga basura sa nangongolekta ng basura sa aming lugar. Alas- nuwebe na pala. Nagpahinga ako habang nagmimiryenda ng banana cue na niluto ni nanay. Ginawa ko na ang aking takdang-aralin at ilang proyekto sa paaralan upang hindi matambakan ng gawain. Hindi ko namalayan ang oras, hapon na pala. Malapit na uling gumabi. | kasalungat.<br><br>Matapos mapasagot ang mga tanong sa mga mag-aaral, iugnay ito sa paksang tatalakayin tungkol sa Talaarawan.<br><br>Tumawag ng limang mag- aaral upang basahin ang bawat pangungusap. Pagkatapos ay magpasulat ng sariling talaarawan. |

| Salita | Kasinghulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| 1. malaki | | |
| 2. magulo | | |
| 3. madalas | | |
| 4. malungkot | | |
| 5. malawak | | |

**Mga Gabay na Tanong:**

- Ano ang napansin ninyo sa talata?
- Paano isinulat ang mga pangungusap?
- Ano ang napansin ninyo sa mga bantas na ginamit?
- Paano inilahad ang mga ginawa?

2. **Paglinang ng Konsepto:**

Tandaan: Pansinin na sa pagsulat ng Talaarawan ay:

- Ito ay may petsa
- Ito ay may oras
- Nakasaad ang ginawa sa bawat oras na isinulat
- Iba't ibang bantas ang ginagamit.
- Nagsisimula sa malalaking titik ang bawat pangungusap at nagtatapos sa bantas.

3. **Pinatnubayang Pagsasanay:**

**Talaarawan ni Shanks**

**Setyembre 11, 2023**

Masayang araw! Ngayong linggo ay kami ang cleaners o mga tagalinis sa aming silid-aralan. Lunes ngayon, unang araw ng klase namin. Alas- dose na ng tanghali, oras na ito ng aming paglilinis dahil tapos na ang aming klase. Inayos namin ang mga upuan at saka pinunasan isa-isa. Kinabukasan, umaga palang ay nagdilig na kami ni Gabriel ng mga halaman. Pagkatapos ay nagwalis kami, nagpunas kami ng pisara at mesa ng aming guro. Kasama na namin sa paglilinis sina Jiola at Shenna. Biyernes na at huling araw na ng klase. Itinapon namin ang mga basura sa compost pit ng aming paaralan. Mag-aala-una na nang kami'y nakauwi

**Ipasagot ang mga tanong batay sa binasang talaarawan:**

1. Sino ang kasama ni Shanks na nagdilig ng halaman?
2. Maliban sa pagdidilig ng halaman noong Martes, ano pa ang ginawa nina Shanks at Gabriel?

Pabunutin ang mga mag-aaral sa inihandang kapirasong papel kung saan nakasulat ang mga tanong.

Bago ipasagot ang mga tanong, ipaunawa muli sa mga mag- aaral na ang denotasyon ay ang literal o tunay na kahulugan ng salita. Ang konotasyon ay ang iba pang kahulugan nito o mas malalim na kahulugan.
Tumawag ng mag-aaral upang basahin ang mga halimbawa. Pagkatapos ay ipasagot ang pagsasanay.

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Sino-sino na ang mga kasama nina Shanks sa paglilinis?<br>4. Bakit naisulat Shanks ang mga karanasang gusto niyang ibahagi?<br>5. Anong magandang estilo sa pagsulat at aral ang nakuha sa karanasan ni Shanks?<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**4. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>A. Pasulatin ng sariling talaarawan ang bawat mag-aaral sa kuwaderno tungkol sa ginagawa nila sa kanilang tahanan sa araw-araw. Buoin ito sa pamamagitan ng balangkas. Pagkatapos, palagdaan ito sa kanilang mga magulang.<br><br>B. Denotasyon at Konotasyon. Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang Denotasyon ay ang direkta, literal o ang mismong kahulugan ng salita. Ang kahulugan ng salita ay karaniwang makikita sa diksiyonaryo. Samantalang ang Konotasyon ay malalim na kahulugan ng salita o iba sa karaniwang kahulugan ng salita.<br><br>Ipabasa ang mga halimbawa:<br><br>1. **Denotasyon**: Maganda ang mga bituin sa langit. Kahulugan: bahagi ng kalawakan **Konotasyon**: Maraming nakasabit na bituin sa kaniyang polo. Ibang kahulugan: Ranggo o katungkulan<br>2. **Denotasyon**: Alagaan mo ang iyong puso. Kahulugan: nasa kanang bahagi sa dibdib na tumitibok<br>**Konotasyon**: Hinandog niya ang puso sa binata. Ibang kahulugan: Pagmamahal<br>3. **Denotasyon**: Huwag mong basain ang iyong mata. Kahulugan: bahagi ng katawan na ginagamit upang makakita<br>**Konotasyon**: May mga mata sa paligid kaya mag-ingat ka. Ibang kahulugan: nagbabantay<br>4. **Denotasyon**: Kinagat ng buwaya ang bata. Kahulugan: hayop na reptilya **Konotasyon**: Hinuli kami ng buwaya sa kalsada. Ibang kahulugan: ganid sa kapangyarihan<br>5. **Denotasyon**: Naglaro kami ng bola kanina. Kahulugan: laruan<br>**Konotasyon**: Ang mga sinabi niya ay puro bola lang. Ibang kahulugan: biro lamang o hindi totoo | |

| | | |
|---|---|---|
| | Isulat sa patlang ang **D** kung konotasyon at **K** kung ito ay konotasyon.<br><br>________1. Masyadong **mahangin** ang aking kaklase.<br>________2. May **tinik** sa aking lalamunan, kailangan ko ng tubig.<br>________3. Mababa ang nakuha ko sa pagsusulit. **Kamote** ako.<br>________4. **Bunganga** ang sumalubong sa namamalimos.<br>________5. Malakas ang **usok** sa bahagi ng bundok.<br>________6. Naubos na ang **pisi** ng nanay sa bata.<br>________7. Lakasan mo ang **boses** mo.<br>________8. Hulog ka ng **langit** sa amin.<br>________9. Bukas ng **umaga** tayo magkita.<br>________10. Puno ng apoy ang kaniyang **puso**. | |
| **D. Paglalahat** | **Estasyon ng Pakikidigma: Sobrang sikip man, dapat may malaman.**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Tuklas-isip**: Isulat ang mahahalagang konseptong natutuhan sa talaarawan. **Buo-Tayo**: Buoin ang pangungusap batay sa mga paksang tinalakay. Gawing gabay ang unang bahagi ng pangungusap. Isulat sa loob ng kahon ang sagot<br><br>Ang Talaarawan ay isinusulat sa paraang may:<br>Sa bawat oras at petsang nakasulat ay nakasaad din ang: Ang mga pangungusap ay nagsisimula at nagtatapos sa: | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

**A. Pagtataya**

**Estasyon ng Kapayapaan: Natutuhang kaalaman dapat tuklasin, kung kayang ibahagi, kayang isagawa.**

1. **Pagsusulit**
   A. Paghambingin ang Talambuhay at Talaarawan gamit ang talahanayan. Buoin ang mga patlang sa talahanayan.

   B. Tukuyin kung ano ang ibig sabihin ng initimang salita sa pangungusap. Sumulat ng pangungusap ng konotasyon o denotasyon batay sa nakasaad.

1. Ang **araw** ay mahapdi sa balat.
**Kahulugan: ________________________________**
**Pangungusap na Konotasyon: ____________________________________________________**

2. **Nagsunog ng kilay** ang bata para makatapos.
**Kahulugan: ________________________________**
**Pangungusap na Denotasyon: ____________________________________________________**

**3.** May dalang balita ang **kutsero**. **Kahulugan:**
**___**
**Pangungusap na Konotasyon: ____________________________________________________**

4. **Nagpantay na ang paa** ng bata. Kaya hindi na niya naabutan ito.
**Kahulugan: ________________________________**
**Pangungusap na Denotasyon: ____________________________________________________**

5. Masarap pala ang **alamang** sa mangga.
**Kahulugan: ________________________________**
**Pangungusap na Konotasyon: ____________________________________________________**

Sa bahaging ito ay matataya at masusukat ng guro kung naunawaan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinalakay.

| Paghahambing | Talambuhay | Talaarawan |
| --- | --- | --- |
| 1, Mga Bahagi | simula, gitna, wakas | |
| 2. Paano isinusulat? | | May petsa at oras |
| 3. Ano ang nilalaman? | | Mga ginawa sa isang araw |
| 4. Pinagmulang salita? | Tala ng buhay | |
| 5. Ano ang pagkakaiba? | May aral o mensahe | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Takdang-aralin: Sa kuwaderno, sumulat ng sariling talaarawan tungkol sa mga ginagawa kung araw ng Linggo.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |